

## Paano ko matitiyak na maririnig ang panig ko sa kwento?

- Makipagtulungan at ibigay sa caseworker ang mga pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng mga taong makapagbibigay ng karagdagang detalye. Maaaring kailanganin ang nakasulat na pahintulot sa ilang mga kaso.
- Payagang makapasok ang caseworker sa iyong tahanan upang mas maunawaan nila ang iyong sitwasyon.
- Dumalo sa lahat ng pagpupulong na itinakda upang pag-usapan ang kaso o ang tungkol sa iyong mga anak.
- Magtanong tungkol sa proseso at kung ano ang maaari mong gawin.
- Siguraduhing madala ang iyong mga anak sa anumang appointment o espesyalista kapag hiniling.
- Siguraduhing updated ang caseworker sa anumang pagbabago tulad ng bagong address, bagong nakatira sa tahanan, o bagong impormasyon sa pakikipag-ugnayan.
- Magtanong tungkol sa mga mapagkukunan. Sa ilang mga county, may mga tagapagtaguyod ng magulang na available para sumuporta sa iyo sa panahon imbestigasyon.
- Ipaalam sa caseworker ang ibang taong may alam sa sitwasyon. Mas maraming impormasyon ang hawak ng caseworker, mas magiging maayos ang kanilang pagpapasya.



## Kanino ako makikipag-ugnayan kung mayroon akong mga alalahanin tungkol sa aking kaso?

Kung mayroon kang reklamo o alalahanin, makipag-ugnayan sa iyong caseworker o sa kanilang superbisor.

________________________________________

________________________________________

Kung hindi pa rin natutugunan ang iyong mga alalahanin, maaari mong tawagan ang iyong lokal na Area Administrator.

________________________________________

________________________________________

Maaari mong tawagan ang Office of Constituent Relations (Tanggapan para sa Pakikipag-ugnayan ng mga Nasasakupan) 1-800-723-4831 para sa tulong anumang oras

-o-

Maaari mong tawagan ang Office of the Family & Children's Ombuds (Ombuds ng Tanggapan ng Pamilya at mga Bata)* sa 1-800-571-7321.

**Ang ahensyang ito ay hiwalay mula sa DCYF. Iniimbestigahan nito ang mga alalahanin tungkol sa DCYF.*

*Kung gusto mong magkaroon ng mga kopya ng dokumentong ito sa isang alternatibong format o wika, mangyaring makipag-ugnayan sa DCYF Constituent Relations (Mga Pakikipag-ugnayan ng mga Nasasakupan ng DCYF) sa (1-800-723-4831 | 360-902-8060, **ConstRelations@dcyf.wa.gov**).*

DCYF PUBLICATION CWP_0083 TA (08-2021) Tagalog

# Imbestigasyon ng Child Protective Services (Mga Serbisyo ng Proteksyon sa Bata, CPS)

***Pagpapanatiling Ligtas ng mga Bata habang Pinapatibay ang mga Pamilya***



Washington State Department of
CHILDREN, YOUTH & FAMILIES



## Ano ang Imbestigasyon ng CPS?

Ang imbestigasyon ng CPS ay tugon sa isang paratang na ang isang bata ay nakaranas ng pang-aabuso o pagpapabaya. Ito ay isang detalyado at patas na pagsisikap upang alamin ang mga katotohanan kung naganap ang pang-aabuso, pagpapabaya, o pag-abandona sa bata, kung paano o kung ito ay naglalagay sa mga bata sa panganib ng pang-aabuso o pagpapabaya sa hinaharap, at kung ligtas ang mga bata. Kinumpleto ito sa pamamagitan ng mga pagtatanong at pakikipanayam mula sa iba't ibang may kaugnayang mapagkukunan.

## Bakit ako iniimbestigahan?

- Natanggap ng Department of Children, Youth and Families (Kagawaran ng Mga Bata, Kabataan, at Pamilya, DCYF) ang isang ulat na may mga alalahanin tungkol sa kaligtasan ng iyong mga anak.
- Natugunan ng ulat ang legal na kahulugan ng pang-aabuso at pagpapabaya sa bata (RCW 26.44.020).
- Ipinakita ng ulat na ang mga paratang ay may katamtamang taas o mataas na panganib o maaaring may agarang panganib sa iyong anak.
- Nais ng DCYF na makipagtulungan sa iyo upang mapanatiling ligtas ang iyong mga anak.

## Ano ang kahulugan ng Pang-aabuso at Pagpapabaya sa Bata?

Ang pang-aabuso o pagpapabaya sa bata ay nangangahulugan ng pinsala, sekswal na pang-aabuso, o sekswal na pagsasamantala sa isang bata ng sinumang tao sa ilalim ng mga kondisyong nagpapahiwatig na ang kalusugan, kapakanan, o kaligtasan ng bata ay nalagay sa panganib, o ang kapabayaan o mapang-abusong pagtrato sa isang bata. Tingnan ang Kabanata 110-30 WAC para sa higit pang detalye na makikita online sa **https://apps.leg.wa.gov/WAC/default.aspx?cite=110-30&full=true**.

## Ano ang dapat asahan sa Imbestigasyon?

- Lubos na pinahahalagahan ng DCYF ang yunit ng pamilya at nagsisikap na panatilihin ang mga bata sa kanilang mga tahanan kung ligtas silang manatili roon. Ang kaligtasan ng iyong anak ay ang pinakamahalagang bagay, at ang caseworker ay makikipagtulungan sa iyo nang mabuti upang makahanap ng paraan upang mapanatili ang kaligtasan ng iyong anak sa iyong tahanan, kung posible.
- Ikaw at ang iyong mga anak ay dapat tratuhin nang patas at may paggalang sa lahat ng oras.
- Bilang magulang, legal na tagapag-alaga, o kalahok sa imbestigasyon, ikaw ay kakapanayamin bilang bahagi ng imbestigasyon.
- Ayon sa batas, maaaring kapanayamin ang mga bata at maaaring kunan sila ng larawan bilang bahagi ng imbestigasyon nang walang pahintulot mo. May karapatan ang mga bata na magkaroon ng ikatlong partido na kanilang pinili na naroroon sa panahon ng kanilang panayam.
- Ang impormasyon ay makakalap sa pamamagitan ng pagkuha ng mga talaan at pagsasagawa ng mga panayam sa iba't ibang mahahalagang contact.
- Kung may kasamang kriminal na bahagi ang paratang, maaaring makipagtulungan ang imbestigador ng CPS sa mga tagapagpatupad ng batas upang mabawasan ang pag-uulit ng impormasyon na kinokolekta.
- Maaaring ialok ang mga serbisyo upang matugunan ang mga pangangailangan ng iyong pamilya, bawasan ang panganib at mga alalahanin sa kaligtasan, o maaari ring ilipat ang iyong kaso sa Family Voluntary Services (Mga Boluntaryong Serbisyong Pampamilya, FVS) para sa patuloy na pagsubaybay.



## Ano ang mga natuklasan?

Ang mga paratang ay maaaring ideklarang “Founded” (Napatunayan) o “Unfounded” (Walang Batayan). Ang isang Founded na natuklasan ay nangangahulugan na, batay sa available na impormasyon, mas malamang kaysa hindi, na may naganap na pang-aabuso o pagpapabaya sa bata. Ang Unfounded ay nangangahulugan na, batay sa available na impormasyon, mas malamang kaysa hindi na walang naganap na pang-aabuso o pagpapabaya sa bata, o walang sapat na ebidensiya upang matukoy kung naganap o hindi naganap ang paratang.

## Paano maipapaalam sa akin ang tungkol sa natuklasan?

Isang liham ang ipapadala upang ipaalam sa iyo ang natuklasan. Kung ang natuklasan ay founded, ipapaliwanag sa liham kung paano mo maaaring iapela ang natuklasan. Dapat makarating ang apelang ito sa tanggapan ng DCYF sa loob ng 30 araw mula sa pagtanggap ng liham ng mga natuklasan, kung hindi, magiging pinal na ang natuklasan. Siguraduhing kung lilipat ka, alam ng caseworker ang iyong bagong address.

## Paano makakaapekto sa akin ang isang Founded na natuklasan?

Ang mga founded na natuklasan ay itinatago nang kumpidensyal sa computer system ng DCYF. Maaari itong magamit para sa mga sumusunod na layunin:

- Ebidensiya sa mga kasong may kinalaman sa iyong mga anak.
- Pagpapasya kung ikaw ay maaaring magtrabaho, magkaroon ng lisensya, o magboluntaryo sa pangangalaga sa mga mahihinang bata at matatanda.
- Background na impormasyon, kung sakaling magkaroon ng mga paratang sa hinaharap.
- Pagpapasya kung ikaw ay kwalipikado upang kupkupin ang isang kamag-anak o bata mula sa pamilya na nangangailangan ng pangangalaga.